4

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

## FILIPINO


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Alpha Reanne A. Guingab |
| **Tagaguhit:** | Leilanie S. Yutiampo |
| **Tagalapat:** | Heidee F. Ferrer |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Ryan C. Atezora, Gerry F. Isip, Joselyn A. Lopez, Maria Fe V. Robles |
| **Tagasuri ng Wika:** | Dr. Rodolfo F. De Jesus |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director, NCR<br>Dr. Jenilyn Rose B. Corpuz, SDS, SDO-Quezon City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief, NCR<br>Dr. Ebenezer A. Beloy, OIC- CID Chief, SDO-Quezon City<br>Dr. Gloria G. Tamayo, Regional Supervisor - Filipino<br>Dennis M. Mendoza, EPS –LRMS, NCR<br>Dr. Rodolfo F. De Jesus, SDO - Filipino<br>Heidee F. Ferrer, EPS-LRMS, SDO-Quezon City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Brian Spencer B. Reyes, PDO, SDO-Quezon City<br>Liza J. de Guzman, Librarian, SDO-Quezon City |



**(Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**

# Aralin 4

- **Pakikipagtalastasan sa Pamamagitan ng Panayam Gamit ang mga Uri ng Pangungusap**
- **Pagguhit ng Kartung Editoryal**

## Inaasahan

1. Nagagamit sa pakikipagtalastasan ang mga uri ng pangungusap **(F4WG-IVb-e-13.2)**
2. Nagagamit sa panayam ang iba't ibang uri ng pangungusap (**F4WG-IVd-h-13.4)**
3. Nagagamit ang magagalang na pananalita sa iba't ibang sitwasyon, - **F4PS-IVe-12.18**; Pagbibigay ng puna sa *editorial cartoon*
4. Nakaguguhit ng sariling *editorial cartoon* (**F4PU-IVe-3)**
5. Naibibigay ang bagong natuklasang kaalaman mula sa binasang teksto **(F4PB-IVe-15)**

## Unang Pagsubok

**Panuto**: Basahin at piliin ang letra ng wastong sagot sa sumusunod na mga sitwasyon.


1. Nagmamadali sa paglakad si Gng. Villacruz, ang iyong guro sa Baitang Apat. Masasalubong mo siya. Ano ang sasabihin mo sa kaniya?
   A. Kumusta Gng. Villacruz. Saan ka pupunta?
   B. Bakit ka nagmamadali Gng. Villacruz. Sino ang hinahabol mo?
   C. Magandang araw po Gng. Villacruz! Saan po kayo pupunta?
   D. Gng. Villacruz, umagang kay ganda.

2. Kaarawan ng iyong ate ngayon. Paano mo siya babatiin? Ano ang sasabihin mo?
   A. Ilang taon ka na po ate?
   B. Maligayang kaarawan po sa iyo ate!
   C. Manlibre ka naman ate! Kaarawan mo ngayon di ba?
   D. Regalo ko sa'yo, nawa'y maibigan mo.

3. Ito ay isang uri ng komunikasyon kung saan nagpapalitan ng ideya at kuro-kuro ang mga taong nagtatalakayan at maging sa mga panayam ito rin ay ginagamit.
   A. pakikipagtalastasan C. pakikipag-usap
   B. pakikipag-ugnayan D. pakikipagkumustahan

4. Ito ay isang paraan ng pagkuha ng impormasyon o detalye sa isang paksa.
   A. pakiusap  B. panayam  C. pagtatanong  D. pagsusuri
5. Ito ay isang palagiang bahagi ng pahinang editoryal. Layunin nitong ilarawan sa pamamagitan ng impormal na guhit ang panig ng patnugutan tungkol sa isang isyu.
   A. larawan editoryal  C. balitang kartun
   B. kartung editoryal  D. patnugutang editoryal

## Balik-Tanaw

**Panuto**: Basahin at unawain ang bawat pahayag. Iguhit ang  *emoji* kung sang-ayon at  kung hindi sang-ayon.

_____1. Ang paksa ang nagsasabi kung tungkol saan ang isang teksto.
_____2. Ang paksa rin ang pangkalahatang kaisipan sa isang teksto at ito ay dapat nasa pinakasimpleng anyo.
_____3. Maaring makakuha ng kahulugan ng salita gamit ang diksiyonaryo.
_____4. Ang diksyonaryo ay isang mahalagang sanggunian para higit pang mapalawak ang talasalitaan o bokabularyo ng taong gagamit.
_____5. Makikita sa diksiyonaryo ang mga salitang hindi nakaayos nang paalpabeto na binibigyang-kahulugan o ng pormal na depinisyon upang maunawaan ng mambabasa.

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Ang **pakikipagtalastasan** ay isang uri ng komunikasyon kung saan nagpapalitan ng ideya at kuro-kuro ang mga taong nagtatalakayan at maging sa mga panayam ito rin ay ginagamit. Nagagamit ang iba't ibang uri ng mga pangungusap tulad ng:

1. Patanong- ito ay uri ng pangungusap na nagtatanong. Nagtatapos ito sa bantas na tandang pananong (?).
2. Padamdam- ito ay pangungusap na nagpapahayag ng matinding damdamin o masidhing emosyon. Nagtatapos ito sa tandang padamdam(!)
3. Pakiusap – ito ay pangungusap na nakikisuyo o nakikiusap. Gumagamit ito ng salitang "paki". Ito ay nagtatapos sa tuldok (.).
4. Pautos- ito ay pangungusap na nag-uutos. Nagtatapos din ito sa tuldok (.).
5. Pasalaysay-ito ay nagsasalaysay ng katotohanan. Ito ay nagtatapos sa tuldok (.).

**Panayam** - Ito ay isang paraan ng pagkuha ng impormasyon o detalye sa isang paksa. Ito rin ay personal na anyo ng pakikipagtalastasan ng dalawang tao na magtatagpo na ang isa sa kanila ay may layunin at hangad na matupad ang layuning ito sa pamamagitan ng wastong kasagutan mula sa isa.

**C. Pagguhit ng Kartung Editoryal**

Ang kartung editoryal ay isang palagiang bahagi ng pahinang editoryal. Layunin nitong ilarawan sa pamamagitan ng impormal na guhit ang panig ng patnugutan tungkol sa isang isyu. Maliban dito, nagsisilbi rin itong pang-aliw at pampagaan ng loob sa gitna ng seryosong paglalahad ng mga opinyon tungkol sa iba't ibang isyu.

**Mga Hakbang sa Pagguhit ng Kartung Editoryal**

1. Alamin ang pangunahing isyu na nais iguhit ng kartun
2. Alamin ang panig tungkol sa isyu.
3. Gumuhit sa tulong ng pinakamabisang simbolo na angkop sa pangkalahatang opinyon tungkol sa isyu.

Halimbawa ng kartung editorial





## Gawain A

**Panuto:** Basahing mabuti ang panayam sa isang guro. Isulat sa tsart ang iyong sagot.

| A. Tugon sa mga katanungan sa panayam (Gumamit ng iba't ibang uri ng pangungusap na angkop sa kasagutan. | B. Magagalang na salitang ginamit sa panayam | C. Natuklasang kaalaman mula sa teksto |
|---|---|---|
| | | |

## Panayam sa Guro

1. Pangungumusta sa kausap

    Andres: Magandang araw po sa inyo, Bb/G/Gng. (pangalan ng Guro). Kumusta po kayo?

    Guro: ____________________________________________

2. Taon sa paglilingkod/serbisyo

    Andres: Ilang taon na po kayong nagtuturo sa paaralang kinabibilangan ninyo ngayon?

    Guro: ____________________________________________

3. Mga nag-udyok sa kanila upang pumasok sa ganitong gawain at serbisyo.

    Andres: Ano po ang mga bagay na nag-udyok sa inyo para maging isang guro at magbigay serbisyo sa mga kabataan?

    Guro: ____________________________________________

4. Magagandang karanasan sa gawain

    Andres: Sa pagiging isang guro, ano po ang mga magagandang karanasang inyong naranasan?

    Guro: ____________________________________________

5. Mga suliraning kanilang kinakaharap sa propesyon

    Andres: Nagkaroon po ba kayo ng mga suliranin o problema sa inyong piniling propesyon? Kung mayroon po maaari po ba ibahagi ang mga ito?

    Guro: ____________________________________________

6. Mga katangian na dapat taglayin nang isang tulad nila.

    Andres: Ano po ang katangiang dapat taglayin upang maging isang mabuting guro?

    Guro: ____________________________________________

7. Layunin kung bakit nais nilang manatili sa kanilang hanapbuhay o gawain

    Andres: Nais ninyo pa po bang manatili sa ganitong propesyon hanggang pagtanda ninyo? Ano po ang mga nagpapalakas ng loob ninyo para ipagpatuloy ang pagbibigay kaalaman sa kabataan lalo na ngayong panahon ng pandemya?

    Guro: ____________________________________________

8. Mga tungkulin ng mga katulad nila sa ating bayan.
   Andres: Bilang isang guro, ano po ang inyong mga tungkulin sa bayan?
   Guro: ____________________________________________

9. Mensahe sa ating mga kabataan.
   Andres: Bago po matapos ang ating panayam, maaari po ba kayong magbigay ng mensahe sa mga kabataan?
   Guro: ____________________________________________

10. Pagbibigay pasasalamat sa mga kinapanayam.

## Gawain B

**Panuto**: Suriin ang larawan. Bumuo ng limang (5) pangungusap gamit ang magagalang na pananalita.



1. ______________________________________________
2. ______________________________________________
3. ______________________________________________
4. ______________________________________________
5. ______________________________________________

## Tandaan

Ang pakikipagpalitan ng ideya o kuro-kuro sa pamamagitan ng talakayan o pakikipagtalastasan lalo na sa isang panayam ay napakahalaga lalo na kung gamit ang iba't ibang uri ng pangungusap. Higit na magiging maganda ang kalalabasan nito kung naisasaalang-alang ang tamang paggamit ng magagalang na pananalita sa iba't ibang sitwasyon.

Sa pamamagitan din ng kartung editoryal ay naisasalarawan ang panig sa isang isyu.

## Pag-alam sa Natutuhan

**Panuto:** Basahin ang bawat pangungusap sa talata at sagutin ang mga tanong. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

[1]Ano ang gagawin mo kung may gusto kang bilhin pero walang pera ang magulang mo para rito? [2]Magsimula ka ng isang simpleng alkansiya at maghulog ka rito kahit sampung piso lang araw-araw. [3]Alam mo ba kung magkano ito sa isang taon? [4]Makaiipon ka ng tatlong libo anim na raang piso sa isang taon. [5]Naku! Mabibili mo na ang pinapangarap mong bisikleta! [6]Maaari din itong pagsimulan ng ipong palalaguin mo sa bangko. [7]Matuto ka sanang mag-ipon para sa mas magandang bukas.

1. May dalawang pangungusap na patanong sa talata. Nasa aling bilang matatagpuan ang pangungusap na ito?
   A. 1 at 3 B. 2 at 6 C. 5 at 7 D. 1 at 2

2. May dalawang pangungusap na pautos o pakiusap sa talata. Nasa aling bilang ng mga ito?
   A. 1 at 4 B. 2 at 7 C. 5 at 6 D. 1 at 7

**Bilang 3-5** – Sumulat ng tatlong (3) katanungan kung sakaling nais mo kapanayamin ang iyong ina tungkol sa kaniyang kahusayan sa pag-aalaga sa iyo bilang anak.

## Pangwakas na Pagsusulit

**A.Panuto**: Basahin ang mga pahayag. Isulat ang letra ng napiling sagot.

1. Isang uri ng komunikasyon kung saan nagpapalitan ng ideya at kuro-kuro ang mga taong nagtatalakayan at maging sa mga panayam ito rin ay ginagamit.
   A. pakikipagtalastasan C. pakikipag-usap
   B. pakikipag-ugnayan D. pakikipagkumustahan

2. Paraan ng pagkuha ng impormasyon o detalye sa isang paksa.
   A. pakiusap B. panayam C. pagtatanong D. pagsusuri

3. Ito ay isang palagiang bahagi ng pahinang editoryal. Layunin nitong ilarawan sa pamamagitan ng impormal na guhit ang panig ng patnugutan tungkol sa isang isyu.
   A. larawan editoryal
   B. kartung editoryal
   C. balitang kartun
   D. patnugutang editorial

4. Alin sa sumusunod ang isa sa mga katangian ng kartung editoryal?
   A. Nagsisilbing pang-aliw at pampagaaan ng loob sa gitna ng seryosong paglalahad ng mga opinyon tungkol sa iba't ibang Isyu.
   B. Nagiging libangan ng matatanda habang nagbabasa ng balita.
   C. Nailalarawan dito ang mukha ng pahayagan.
   D. Nagpapakita ito ng kasiningan sa pahayagan.

5. Sa pamamagitan nito, masasalamin din natin dito ang tunay na ugali ng isang tao.
   A. paggamit ng magagalang na pananalita sa iba't ibang sitwasyon
   B. paggamit ng mga bagay na para sa ibang tao
   C. pagpupugay kapag may bandilang nakita
   D. pagsaludo sa mga sundalong lumaban sa digmaan

B. **Panuto**: Sumulat ng limang (5) pangungusap gamit ang magagalang na pananalita at salungguhitan ang mga ito.

1.________________________________________________
2. ________________________________________________
3.________________________________________________
4.________________________________________________
5.________________________________________________

**C. Panuto:** Batay sa tekstong panayam sa guro, gumuhit ng isang payak na kartung editoryal (*editorial cartoon*) tungkol sa kahalagahan ng mga guro sa panahon ng pandemya. Iguhit sa sagutang papel.

| **Pamantayan** | Puntos |
|---|---|
| Nakatuon sa isang paksa lamang | 4 |
| Gumamit ng pangkalahatang simbolo | 3 |
| Panig sa isyu | 3 |
| **Kabuuan** | 10 |

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

1. C
2. B
3. A
4. B
5. B

**Balik-Tanaw**

1. sang-ayon
2. sang-ayon
3. sang-ayon
4. sang-ayon
5. sang-ayon

**Gawain**

A. Ang gawaing ito ay nakabatay sa output ng mag-aaral at nasa pagpapasya ng guro ang pagwawasto nito

B. Ang gawaing ito ay nakabatay sa output ng mag-aaral at nasa pagpapasya ng guro ang pagwawasto nito

**Pag-alam sa Natutuhan**

1. A
2. B
3. – 5 Batay sa sagot ng mag-aaral

**Pangwakas na Gawain**

**A.**

1. A
2. B
3. B
4. A
5. A

B. Ang gawain dito ay batay sa sagot ng mag-aaral

## Sanggunian

Pinagyamang Pluma, Wika at Pagbasa para sa Elementarya. 2012
Department of Education. https://commons.deped.gov.ph/melc
Yaman ng Lahi Wika at Pagbasa sa Filipino
Editorial cartoon by Emmanuel Ramirez